

Light Reading

Enero/Pebrero 2021

## MAGPAKARGA SA ISANG ISTASYON SA PAG-CHARGE NG EV NG CITY LIGHT

Binuksan ng City Light kamakailan ang ilang bagong mabilis na charger ng electric vehicle (EV, de-kuryenteng sasakyan) sa Seattle at Tukwila. Gumagawa kami ng mga istasyon na maa-access ng publiko sa buong lugar ng serbisyo ng utilidad para matugunan ang mga pangangailangan sa kasalukuyan at hinaharap ng mga customer na pinipiling kargahan ang kanilang mga pangangailangan sa transportasyon gamit ang aming malinis na enerhiya.

Lugar at Kagamitan sa Pag-charge

Alaska Junction: 2 mabilis na charger ng EV

Beacon Hill: 2 mabilis na charger ng EV

Madison-Miller: 2 mabilis na charger ng EV

Magnuson Park: 2 mabilis na charger ng EV

Seattle City Light South Service Center: 4 na mabilis na charger ng EV, 2 Level 2 na charger

Tukwila: 4 na mabilis na charger ng EV, 1 Level 2 na charger

Ang inisyatibang ito ay bahagi ng pangako ng City Light na maghatid ng mga de-kuryenteng solusyon sa transportasyon na nakatuon sa komunidad, na idinisenyo para tugunan ang mga pangangailangan ng aming mga customer, bawasan ang mga inilalabas na carbon at polusyon sa hangin, at magdulot ng mga benepisyo sa ating kuryente.

Depende sa electric vehicle, kayang maglabas ng mga mabilis na charger ng higit sa 90 milya ng maaabot kada kalahating oras ng pag-charge, habang ang mga Level 2 na charger naman ay nakakapaglabas ng hanggang 30 milya ng maaabot kada oras.

Available ang mga istasyon sa pag-charge na ito at ang marami pang iba para sa paggamit ng publiko at matatagpuan ang mga ito sa app sa pag-charge ng EV na PlugShare o sa kanilang website sa [plugshare.com](http://plugshare.com). Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [energysolutions.seattle.gov/electric-vehicles](http://energysolutions.seattle.gov/electric-vehicles) o mag-email sa amin sa [SCL\\_ElectricVehicles@seattle.gov](mailto:SCL_ElectricVehicles@seattle.gov).

Nakikipagtulungan kami sa mga katuwang na ahensiya para tumukoy ng mga lugar ng istasyon sa pag-charge ng EV sa hinaharap. Mag-aanunsiyo ng higit pa sa lalong madaling panahon kaya abangan ito!

Pinansiyal na Tulong sa Panahon ng Pagsubok na ito

Dahil sa mga buwan ng taglamig na ito, maaaring tumaas ang paggamit ng kuryente at bilang resulta ay ang mga mas mahal na bill para sa ilang customer. Kasabay ng pananatili sa bahay dahil sa pandemya ng COVID-19, maaaring mas tumaas pa ang paggamit mo ng kuryente.

Makikita sa ibaba ang ilan sa mga programa sa pinansiyal na tulong na available sa pamamagitan ng City Light para pagaanin ang pasanin sa panahong ito.

### **Low Income Energy Assistance Program (LIHEAP)**

Tumutulong ang pederal na pamahalaan sa pagbabayad ng mga bill, pati na rin sa pagpapayo sa badyet at mga serbisyo sa pagpapababa ng bill ng kuryente. Depende kung saan ka nakatira, puwede kang mag-sign up para sa Low Income Energy Assistance Program (LIHEAP, Programang Tulong sa Kuryente para sa May Mababang Kita) online o gamit ang telepono sa pamamagitan ng tulong mula sa mga lokal na organisasyon. Bisitahin ang [seattle.gov/light/assistance](https://seattle.gov/light/assistance) para malaman kung kwalipikado ang iyong sambayanan.

### **Utility Discount Program**

Gumawa ang Seattle Public Utilities (Mga Pampublikong Utilidad ng Seattle) at Seattle City Light ng form sa sariling pagpapatunay para sa Utility Discount Program (Programang Diskuwento sa Utilidad) para sa mga customer na kwalipikado dahil sa kita, na nagpapabilis sa proseso ng pagpapatala. Nakakatanggap ang mga customer na kwalipikado dahil sa kita ng 60% diskuwento mula sa kanilang mga bill ng City Light at 50% diskuwento mula sa kanilang mga bill ng Seattle Public Utilities. Para alamin kung isa kang residensiyal na customer na kwalipikado dahil sa kita, bisitahin ang [seattle.gov/UDP](https://seattle.gov/UDP).

### **Mga Plano sa Pagbabayad**

Maaari nang simulan ng mga customer ng Seattle City Light ang plano sa pagbabayad pagkatapos mag-log in sa kanilang account sa website ng mga serbisyo sa utilidad. Maaari mong piliin na bayaran ang iyong bill ng kuryente kada dalawang linggo o kada buwan, ang petsa ng iyong unang pagbabayad, tagal ng pagbabayad, at ang unang down payment kapag nag-set up ka ng iyong plano. Makakatanggap ka ng email na may mga detalye ng iyong plano ng pagbabayad kapag kumpleto na ang proseso ng pag-set up. Mag-sign up para sa iyong account sa website ng mga serbisyo sa utilidad sa [myutilities.seattle.gov](https://myutilities.seattle.gov) ngayon!

### **Panahon na ng bagyo. Handa ka na ba?**

Maaaring magkakaiba ang oras na kailangan para ligtas na ipanumbalik ang kuryente sa panahon ng pagkawala nito. Malayo ang mararating ng kaunting paghahanda sa araw na ito para panatilihing ligtas ka at ang iyong pamilya sa kinabukasan. Bisitahin ang

[powerlines.seattle.gov/outage](http://powerlines.seattle.gov/outage) para sa mga tip na makakatulong sa iyong maghanda.

### **Paparating Na: Mga Serbisyo sa Pagsisimula/Paghihinto/Paglipat sa Website ng Utilidad**

Magdadagdag kami ng kahilingan para sa serbisyo sa pagsisimula/paghihinto/paglipat sa aming website ng mga serbisyo sa utilidad. Mag-abang para sa mga paparating na update!

### **Nagtatrabaho sa Inyong Komunidad**

May mga tauhan ang Seattle City Light sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo:

- Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, vault, at mga poste ng ilaw upang palitan ang naluluma nang imprastruktura
- Lugar ng Serbisyo: pinapalitan ang mga lumang poste ng utilidad sa buong lugar ng serbisyo para pabutihin ang kaligtasan at pagkamaasahan

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa [seattle.gov/light/atwork](http://seattle.gov/light/atwork) upang magkaroon ng access sa aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto.

### **Tip sa kaligtasan mula sa field**

*"Magpanatili ng first-aid kit na may kompletong laman sa iyong bahay o sasakyan. Tiyakin din na madali itong mahanap!"*

Mayroon ka bang mga tanong, komento, o mungkahi? Mag-email sa amin sa [SCL\\_CommOutreach@seattle.gov](mailto:SCL_CommOutreach@seattle.gov)